Ang Pagpapakasal sa Ontario

Ang pagpapakasal ay isang napakahalagang pangyayari sa buhay ng isang magkapareha at ito ay isang uri din ng legal na kontrata.
Sa Ontario, ang *Batas sa Pagpapakasal* ay isang ordinansang nagtatakda ng mga kautusan kung paano isasagawa ang pagpapakasal.
Kung kayo ay nagpapaplano ng pagpapakasal, isaisip ang mga sumusunod na mahalagang impormasyon.

Sa anong edad ako ay nararapat upang magpakasal sa Ontario?
Ikaw ay nararapat na nasa 18 taong gulang upang lisensyadong magpakasal sa Ontario. Kung ikaw ay 16 o 17 taong gulang, maaari kang magpakasal kung mayroong pahintulot ng mga magulang. Maaaring may mga hihilinging kabawalan o paghihigpit.

Maaari bang mapilit ako ng aking pamilya o ninuman na magpakasal?
Ikaw ay hindi dapat mapilit o mapuwersa ninuman sa pagpapakasal. Sa dahilang ang pagpapakasal ay isang uri ng legal na kontrata, ikaw ay dapat na kusang makisali at ito ay dapat boluntaryong isasagawa.

Kailangan ko bang kumuha ng lisensya sa pagpapakasal?
Karamihan sa mga sitwasyon, kung ikaw ay magpapakasal sa isang seremonyang relihiyon o kasal-sibil, kailangan mong kumuha ng lisensya mula sa iyong lokal na munisipalidad.

Gayun paman, kung ikaw ay magpapakasal sa isang seremonyang relihiyon, maaari kang maging karapat-dapat na magpakasal sa pamamagitan ng *banns* o pagbabalita ng kasal (pamamalita sa mga detalye ng intensyon sa pagpapakasal sa inyong simbahan, moske o sinagoge). Makipanayam sa isang opisyales ng inyong simbahan para sa mga karagdagang impormasyon.

Paano ako makakakuha ng lisensya sa pagpapakasal?
Sumangguni sa tanggapan ng inyong lokal na munisipal upang kumuha ng pormularyo sa pagkuha ng lisensya sa pagpapakasal. Matapos kumpletuhin ang pormularyo, sariling mong iprisinta ito upang makakuha ng lisensya sa pagpapakasal. Siguruhing magdala ng ID o pagkakakilanlan, katulad ng sertipiko ng kapanganakan (kasama ng mga sertipiko sa mga pagbabago ng pangalan kung mayroon man), kasalukuyang pasaporte, Rekord ng Paglapag Bilang Dayuhan o kard ng Pagkamamamayang Canadian, kasama ng iba pang ID o pagkakakilanlan na may larawan. Mayroong bayad sa pagkuha ng lisensya sa pagpapakasal. Sumangguni at alamin sa tanggapan ng inyong lokal na munisipal ang kasalukuyang halaga ng babayaran. Ang lisensya sa pagpapakasal ay mabisa saan man sa Ontario sa loob ng tatlong buwan mula sa petsa ng pagkuha.

Sino ang binibigyang pahintulot na magsagawa ng pagpapakasal?
Ang pagpapakasal sa isang seremonyang relihiyon ay isinasagawa ng isang miyembro ng isang kilalang samahan sa relihiyon na siyang binigyang pahintulot na magsagawa ng pagpapakasal sa Ontario ayon sa *Batas sa Pagpapakasal*. Ang taong ito ay nararapat na rehistrado sa Pangkalahatang Tanggapan ng Tagapagrehistro upang magsagawa ng pagpapakasal. Ang listahan ng mga rehistradong opisyales ng relihiyon ay makikita sa www.ServiceOntario.ca . Isang huwes, hustisya ng kapayapaan o isang kawani ng munisipal ay maaaring makapagsagawa ng isang kasal-sibil mula sa awtoridad ng isang lisensya sa pagpapakasal.

Maaari ba akong magpakasal sa pamamagitan ng internet o ng telepono? Maaari bang tumayo o kumatawan ang isang tao para sa akin?
Hindi, magkasama pareho ang babae at lalaking ikakasal sa pagsasakatuparan ng kasal kasama ng dalawang mga saksi. Matapos ang seremonya sa pagpapakasal, ang mag-asawa, ang nagsagawa ng kasal at ang mga saksi ay kailangang pirmahan ang rehistro ng pagpapakasal.

Maaari ba akong magpakasal sa Ontario kahit hindi ako nakatira doon?
Oo. Kung ikaw ay nakatira sa labas ng Ontario o mula sa ibang lalawigan, sumangguni sa munisipalidad kung nais mong magpakasal upang makakuha ng mga karagdagang impormasyon.

Paano ako makapagpapakasal muli kung ako ay diborsiyado?
Kung ikaw ay diborsiyado sa Canada, kailangan mong dalhin ang orihinal na kopya ng korte-sertipiko ng huling hatol, huling kapasiyahan o sertipiko ng diborsiyo sa tanggapan ng inyong lokal na munisipal na pinagkunan ng lisensiya ng pagpapakasal. Sumangguni sa tanggapan ng inyong lokal na munisipal para sa mga karagdagang impormasyon.

Kung ikaw ay diborsiyado sa labas ng Canada, kailangan mong kumuha ng pahintulot mula sa Pamahalaan ng Ministro ng Mga Serbisyo bago ka bigyan ng lisensiya sa pagpapakasal. Para sa pahintulot, ipadala ang mga dokumento sa Pangkalahatang Tanggapan ng Tagapagrehistro o Office of the Registrar General, Marriage Office, P.O. Box 4600, 189 Red River Road, Thunder Bay, ON P7B 6L8:

- Isang kumpletong aplikasyon ng lisensiya sa pagpapakasal
- Isang Salaysay ng Taong May Responsibilidad para sa bawat diborsiyado na pirmado ng bawat panig ng nagpapakasal
- Ang orihinal o kopya ng korte-sertipiko (pinatunayan o sertipikado ng isang opisyal ng korte na nagkaloob na kinasasaklawan ng diborsiyo o pagpapawalang-bisa ng kasal) ng huling hatol sa diborsiyo o pagpapawalang-bisa ng kasal. Kung ang hatol ay nakatala maliban sa wikang Ingles o Pranses, magsama ng isang kopya ng pagsasaling-wika kasama ng isang apidabit na sinumpaan at pinirmahan ng tagapagsaling-wika.
- Isang legal na opinyon mula sa isang abugado ng Ontario, nakapangalan sa dalawang aplikante, na nagbibigay ng mga kadahilanan kung bakit ang diborsiyo o pagpapawalang-bisa ay kailangang kilalanin sa Lalawigan ng Ontario. Ang Pangkalahatang Tanggapan ng Tagapagrehistro ay magpapadala ng kopya mula sa paks ng isang halimbawang legal na opinyon sa iyong abugado kung ikaw ay tatawag sa 807-343-7568 o sa libreng linya sa Ontario sa 1-800-461-2156.

Ang isang pormularyo ng aplikasyon ng lisensiya sa pagpapakasal, isang pormularyo ng Salaysay ng Taong May Responsibilidad at isang iminumungkahing balangkas para sa isang sulat ng opinyon mula sa abugado ay makukuha mula sa mga karamihan ng tanggapan ng munisipal.

Paano ko maiparerehistro ang pagpapakasal?
Ipadadala ng taong nagkasal ang pinirmahang lisensya ng pagpapakasal sa Pangkalahatang Tanggapan ng Tagapagrehistro upang ito ay iparehistro.

Paano ako makakukuha ng sertipiko ng pagpapakasal?
Matapos ang pagpapakasal, makatatanggap ka ng Rekord ng Pagsasakatuparan ng Kasal mula sa taong nagsagawa ng kasal. Ang dokumentong ito ay naglalaman ng mga pangalan ng mag-asawa, petsa ng pagkakasal, pangalan ng mga saksi at ang impormasyon kung isinagawa ang kasal sa pamamagitan ng lisensya o *banns* o pagbabalita ng kasal. Ito ay hindi legal na rekord. Ang Sertipiko ng Pagpapakasal ay nagpapatunay lamang ng kasal na isinagawa. Maaari kang makakuha ng aplikasyon para sa sertipiko ng pagpapakasal mula sa www.ServiceOntario.ca .

Kailangan ko bang baguhin ang aking pangalan matapos akong magpakasal?
Marami kang pagpipilian. Kung nais mong makakuha ng mga impormasyon tungkol sa iyong pangalan, bisitahin ang *website* sa www.ServiceOntario.ca .

Legal ba ang aking pagpapakasal kung mayroon akong sertipiko ng pagpapakasal sa Ontario?
Ang korte lamang ang nagpapasiya kung ang iyong pagpapakasal ay legal. Ang Pangkalahatang Tanggapan ng Tagapagrehistro ang nagrerehistro ng mga kasal na isinagawa sa Ontario batay sa *Batas sa Pagpapakasal*. Ang sertipiko ng pagpapakasal ay isang opisyal na rekord ng pagpaparehistro ng pangyayari ngunit hindi nagpapahayag ng legal. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa pagpapahayag ng legal, kailangan mong sumangguni sa isang abugado.

Kung ako ay nagpakasal sa ibang bansa, paano ako makakukuha ng sertipiko ng pagpapakasal?
Kailangan mong sumangguni sa tanggapang kinasasaklawan ng kung saan isinagawa ang pagpapakasal at humiling ng sertipiko ng pagpapakasal.

Paano kung mayroon pa akong mga katanungan? Saan akon maaaring makakuha ng mga impormasyon?
Maaari kang makakuha ng mga impormasyon mula sa internet sa www.ServiceOntario.ca . Maaari ka ding tumawag sa Pangkalahatang Tanggapan ng Tagapagrehistro o Office of the Registrar General sa Toronto sa 416-325-8305 o kung sa labas ng Toronto (libreng linya) sa 1-800-461-2156.